TRUTH BE TOLD

FILIPINO **WEEK 2**

# Ang Talinghaga ng Binhi ng Mustasa at ng Pampaalsa

## NOTES

## WARM-UP

- Ano ang paborito mong kwento ng tagumpay? Bakit ito ang paborito mo?
- Ikaw ba ang taong mahilig magplano, o gusto mong kinakaharap ang mga bagay ayon sa kung ano ang mangyayari sa bawat araw? Bakit ito ang gusto mo?
- Ano ang pinakamakatotohanang panaginip na napanaginipan mo kamakailan lang? Ano ang nangyari sa panaginip mong ito?

**WORD**

*[18]Nagpatuloy si Jesus sa pagtuturo niya, "Ano kaya ang katulad ng paghahari ng Diyos? Sa ano ko kaya ito maihahambing? [19]Katulad ito ng isang buto ng mustasa na itinanim ng isang tao sa kanyang taniman. Tumubo iyon at lumaki na parang punongkahoy ang taas, at pinamugaran ng mga ibon ang mga sanga nito." [20]Sinabi pa ni Jesus, "Sa ano ko pa kaya maihahambing ang paghahari ng Diyos? [21]Katulad ito ng pampaalsang inihalo ng isang babae sa malaking planggana ng harina, at napaalsa nito ang buong masa ng harina."* **LUCAS 13:18-21**

---

Sa talinghagang ito, itinuro ni Jesus ang katangian at uri ng kaharian ng Diyos gamit ang dalawang imahe. Ito ay ang buto ng mustasa at ang pampaalsa. Gaya ng dalawang ito, ang kaharian ng Diyos ay tila maliit at hindi gaanong mahalaga sa simula, subalit ito ay magiging mas malawak at mas makapangyarihan habang ito ay sumusulong. Sa araling ito, ating titignan ang tatlong katangian ng kaharian ng Diyos: ang hamak nitong simula, ang kasalukuyan nitong lumalagong impluwensiya, at ang kadakilaan nito sa hinaharap.

## 1 Hamak na Simula

*[19]"Katulad ito ng isang buto ng mustasa na itinanim ng isang tao sa kanyang taniman. Tumubo iyon at lumaki na parang punongkahoy ang taas, at pinamugaran ng mga ibon ang mga sanga nito." [20]Sinabi pa ni Jesus, "Sa ano ko pa kaya maihahambing ang paghahari ng Diyos? [21]Katulad ito ng pampaalsang inihalo ng isang babae sa malaking planggana ng harina . . ."* **LUCAS 13:19-21**

Inihalintulad ni Jesus ang kaharian ng Diyos sa isang binhi ng mustasa at sa pampaalsa na inilalagay sa isang masa ng harina. Ang dalawang ito ay nagsimula bilang maliliit na mga bagay ngunit lumaki na malalaking mga puno at malalaking piraso ng tinapay. Sa kaharian ng Diyos, maaari tayong panghinaan ng loob kung sa tingin natin ay walang nangyayari o kaya ay walang nakakakita ng pinaghihirapan nating gawin. Subalit tulad ng pagpapa-alala ni Jesus sa mga tao, maaaari tayong magtiwala na maging ang mga pinakamaliliit na binhi na ating itinatanim araw-araw ay magiging malalagong pananim sa tamang panahon. Paano tayo hinihimok ng Bibliya sa ating paraan ng pamumuhay? (2 Corinto 5:7)

## 2 Kasalukuyang Impluwensiya

*[19]"Katulad ito ng isang buto ng mustasa na itinanim ng isang tao sa kanyang taniman. Tumubo iyon at lumaki na parang punongkahoy ang taas . . . [21]Katulad ito ng pampaalsang inihalo ng isang babae sa malaking planggana ng harina, at napaalsa nito ang buong masa ng harina."*
**LUCAS 13:19,21**

Kayang gamitin ng Diyos kahit ang pinakasimpleng mga bagay upang gawin ang mga hindi kapanipaniwalang mga bagay at palawakin ang Kanyang kaharian. Minsan, umaasa tayo sa mga bagay na nakikita natin ngayon at nag-aalala kapag hindi tayo nakakakita ng mga kahanga-hangang mga resulta. Madalas, tayo ay sumusuko at basta na lamang humihinto sa mga hamak na simulain. Gaya ng paglaki ng isang binhi ng mustasa at ng pagpapalaki ng pampaalsa sa isang masa ng harina, lumalawak rin ang impluwensiya ng kaharian ng Diyos. Ano ang mangyayari kung tayo ay may pananampalataya na kasing liit ng isang binhi ng mustasa? (Lucas 17:6)

## 3 Kadakilaan sa Hinaharap

*[19]"Katulad ito ng isang buto ng mustasa na itinanim ng isang tao sa kanyang taniman. Tumubo iyon at lumaki na parang punongkahoy ang taas, at pinamugaran ng mga ibon ang mga sanga nito . . . [21]Katulad ito ng pampaalsang inihalo ng isang babae sa malaking planggana ng harina, at napaalsa nito ang buong masa ng harina."* **LUCAS 13:19,21**

Ang binhi ng mustasa at pampaalsa ay hindi kamangha-mangha o dakila, subalit ang nagsimulang maliit ay nagkaroon ng mga nakagugulat na bunga. Ang isang binhi ng mustasa ay naging isang napakalaking puno na naging tahanan ng mga ibon. Ang pampaalsa ay nagpalaki sa tinapay at tumugon sa gutom ng marami. Ang ganitong uri ng paglaki ay nagpapakita ng kapangyarihan ng kaharian ng Diyos at ng Kanyang dakilang plano para sa iglesya. Ano ang sinasabi ng Bibliya tungkol sa ebanghelyo ng kaharian? (Mateo 24:14)

## APPLICATION

- Isinasalarawan ba ng buhay mo ang kaharian ng Diyos? Paano pinalaki ng Diyos ang iyong pananaw tungkol sa Kanyang kaharian sa pamamagitan ng araling ito?
- Mayroon bang bahagi ng iyong buhay na pinanghihinaan ka ng loob? Handa ka bang isuko ngayon ang bahaging ito sa Diyos? Paano mo magagawang magtiyaga at magpatuloy sa pagiging matapat sa Kanya?
- Paano maiimpluwensiyahan ng maliit na pananampalataya ang buhay mo araw-araw? Paano ka lalago sa iyong pananampalataya araw-araw?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos dahil tinawag ka Niya na maging bahagi ng Kanyang kaharian at tinawag ka na magtrabaho kasama Niya. Paniwalaan na palalaguin ng Diyos ang anumang sinimulan Niya sa iyo. (1 Corinto 3:6,7).
- Hingin sa Diyos ang kakayahan upang kayanin ang anumang pagdurusa, pagsubok, at maging mga oposisyon.
- Ipanalangin na sa pamamagitan mo, ang kaharian ng Diyos ay lalago. Hingin sa Diyos ang mga pagkakataon upang maka-usap ang mga mahal mo sa buhay at maipangaral ang ebanghelyo sa kanila.

VICTORY

© 2016 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph